

# San Joaquin Regional Transit District (RTD)

## Pahayag ng Patakaran ng Titulo VI

Tinatrato ng San Joaquin RTD ang mga kostumer nito nang may paggalang, integridad, at katapatan. Pinapangasiwaan ng San Joaquin Regional Transit District (RTD) ang mga programa nito nang walang pagtatangi sa lahi, kulay, pananampalataya, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, pinipili kaugnay sa seksuwal na interes, katayuan sa kasal, edad, medikal na kondisyon, o kapansanan alinsunod sa Titulo VI ng Batas sa Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Act), seksiyon 51(b) ng Kodigo Sibil ng California (California Civil Code), o ibang naaangkop na batas. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Tanggapang Pampangasiwaan (Administrative Office) sa (209) 943-1111 o mag-email sa [comments@sjRTD.com](mailto:comments@sjRTD.com).

### Pahayag ng Patakaran ng Titulo VI ng San Joaquin RTD

Isinasaad ng Titulo VI, Batas sa Mga Karapatang Sibil ng 1964, na “walang sinumang tao sa Estados Unidos, nang batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan, ang ibubukod mula sa pakikilahok sa, tatanggihan ng mga benepisyo ng, o mapapailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o gawaing nakakatanggap ng pinansiyal na tulong mula sa Pederal na pamahalaan.” Nakatuon ang San Joaquin RTD sa pagsunod sa mga kinakailangan ng Titulo VI sa lahat ng mga programa at gawain nito na pinopondohan ng pederal na pamahalaan.

### Paghain ng Reklamo ukol sa Titulo VI

Maaaring maghain ng reklamo sa San Joaquin RTD ang mga taong naniniwalang tinrato sila nang hindi patas sa pamamagitan ng nandidiskrimang gawi sa ilalim ng Titulo VI. Para sa impormasyon tungkol sa paghahain ng reklamo, makipag-ugnayan sa Tanggapang Pampangasiwaan ng San Joaquin RTD. Dapat nakasulat ang mga reklamo at dapat maihain ang mga ito sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pinaparatang na nandidiskrimang pangyayari.

Email: [comments@sjRTD.com](mailto:comments@sjRTD.com)

Telepono: (209) 943-1111

Fax: (209) 948-8516

Sulat: San Joaquin Regional Transit District (RTD)

Attention: Title VI Administrator

P.O. Box 201010

Stockton, CA 95201



[sjRTD.com](http://sjRTD.com) | (209) 943-1111

March 16, 2020